BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Setyembre 7, 2023
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** communications@baaqmd.gov

# Distrito ng Hangin, ginawang available ang impormasyon sa kalidad ng hangin online

*Web tool, nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga aksyon sa pagpapatupad ng ahensya*

**SAN FRANCISCO –** Ngayong araw, iaanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang paglulunsad ng web tool kung saan makakapaghanap ng impormasyon para sa lahat ng abiso sa paglabag o notice of violation (NOV) na inilabas ng ahensya sa nakalipas na limang taon.

Sa bagong web tool na ito, magagawa ng publiko na i-access ang impormasyon sa pagpapatupad kaugnay ng mga NOV na inilabas sa mga pasilidad sa buong Bay Area.

"Bilang bahagi ng aming pangako sa transparency, bumuo ang Distrito ng Hangin ng bagong web tool para masubaybayan ng publiko ang mga abiso sa paglabag na inilabas para sa mga pasilidad sa kani-kanilang komunidad," sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. "Layunin ng Distrito ng Hangin na mahigpit na ipatupad ang mga regulasyon sa kalidad ng hangin para maprotektahan ang kalusugan ng lahat ng residente sa Bay Area."

Inililista ng bagong web tool na ito ang mga NOV at kaugnay na nahahanap na impormasyon gaya ng lokasyon, pangalan ng pasilidad, kasalukuyang status sa pagpapatupad at halaga ng multa. Araw-araw na ia-update ang talahanayan, at puwede ring i-download ang data na ito.

Nagsasagawa ang  ng mga komprehensibong inspeksyon para matukoy kung nasusunod ang mga panuntunan ng ahensya, kundisyon at legal na kinakailangan sa permit, pati ang mga naaangkop na regulasyon ng estado at pederal. Sa tuwing may natutuklasang paglabag sa kalidad ng hangin ang Distrito ng Hangin, naglalabas ito ng NOV. Kadalasan, nareresolba ng isang pasilidad ang isang NOV sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagwawasto at pagbabayad ng multa. Para sa malalaking multa na $100,000 o higit pa, inaabisuhan ng Distrito ng Hangin ang publiko sa pamamagitan ng mga press release at notification sa email.

Ang paglalabas sa web tool na ito ay sinusuportahan ng higit pang resource sa pagpapatupad at koordinasyon sa mga apektado. Aktibo ring naghahanap ang Distrito ng Hangin ng mga pambatasang remedyo para mapalaki ang mga maximum na multang pinapayagan ng batas.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #